# Paglilinaw sa Paninindigan ng Partido tungkol sa Usapang Pangkapayapaan, NDF, at sa diumanong 'Verdaderos'

Komiteng Tagapagpaganap ng Komite Sentral,
Partido Komunista ng Pilipinas (Abril 23, 1993)

1.) Idinedeklara ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang lubos na tiwala sa panel sa negosasyon ng National Democratic Front (NDF) sa pamumuno ni Louie Jalandoni. Ang panel na ito lamang ang kinikilala ng Partido Komunista ng Pilipinas na kumakatawan sa NDF sa *exploratory talks* sa Gobyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP).

2.) Malubhang kawalan ng sinseridad sa bahagi ng GRP ang mga pagtatangka ng National Unification Commission (NUC) na palabasing mga lehitimong kinatawan ng NDF ang maliit na pangkat ng mga anti-komunistang taksil. Dagdag pa, ang palabasing ang pakikipag-usap ng NUC sa mga taksil na ito bilang pag-uusap sa pagitan ng GRP at NDF ay nangangahulugan na ang rehimeng Ramos ay interesado lamang gatungan at samantalahin ang kampanyang anti-Partido ng mga taksil at gamitin ang prosesong pangkapayapaan para sa mga pakana nitong panghahati sa rebolusyonaryong kilusan.

Kung hindi titigil ang NUC at ang rehimeng Ramos sa kanilang mga maniobra sa panghahati, ang Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

ay magpapanukala ng kagyat na pagtigil ng kasalukuyang mga pagsubok na pag-uusap (exploratory talks) sa pagitan ng GRP at NDF. Lubos na pananagutan ng NUC at ng rehimeng Ramos kung mabigo ang mga kasalukuyang pagsisikap para sa prosesong pangkapayapaan.

3.) Hindi kailanman maaring tanggapin ng Komite Sentral ang hangal na panukalang bigyan ng hiwalay na representasyon sa panel ng NDF ang bungkos ng mga antikomunistang taksil na nagpapanggap na 'verdaderos'.

Ang mga taksil na ito ay hindi katanggap-tanggap sa PKP sa pulitika at organisasyon bilang mga miyembro ng NDF, laluna bilang mga lider o mga negosyador ng NDF.

Hindi sila katanggap-tanggap sa pulitika dahil ang pangunahing layunin nila ay maghasik ng poot laban sa PKP at magtangkang gamitin ang NDF para siraan ang Partido. Sila ay mga kontrarebolusyonaryo at anti-komunista na hangad wasakin ang programa at organisasyon ng NDF at palitan ito ng isang diumano'y "New Left Formation" na ligalista, repormista, at parlamentarista.

Hindi rin sila katanggap-tanggap sa organisasyon dahil wala silang kinakatawang anumang alyadong organisasyon sa loob ng NDF. At ang totoo, marami sa kanila ay hindi na aktibo sa NDF o anumang alyadong organisasyon sa loob ng NDF.

4.) Ang diumanong mga verdaderos ay mga boleros at impostor. Sila ay maliit na pangkat ng mga indibidwal na walang anumang makabuluhang base ng tagasunod sa loob ng NDF. Hindi nila kinakatawan ang anumang alyadong organisasyon sa loob ng NDF; nagsasalita lamang sila para sa kanilang sarili. Hindi nila tinatamasa ang tiwala at suporta ng anumang alyadong organisasyon ng NDF.

Ang totoo, ang nagmamagaling na grupong ito ay pinamumunuan ng mga taksil na responsable sa pagpaplano at pagpapatupad ng Kampanyang AHOS sa Mindanao noong 1985 at 1986 na tumatangging humarap sa kanilang responsibilidad sa nangyaring krimen. Ang mga taksil na ito ay kabilang din sa mga pangunahing nagbalangkas at nagtaguyod sa linya ng insureksyunismong urban at ng paggamit ng mga artipisyal na pamamaraan tulad ng panunurog ng bus at pambobomba ng mga target na di-militar para mapadali diumano ang pagsambulat ng insureksyunaryong sitwasyon. Pagkatapos ng paulit-ulit na pagkabigo ng mga putsistang pakana nila, bumabaling naman sila sa kabilang kasukdulan ng pagsuko, parlamentarismo, at anti-komunismo.

Ang prinsipal na pinuno ng pangkat na ito ay isang dating mataas na pinuno ng Partido na may kumpirmadong kasaysayan ng pagkakanulo sa kanyang mga kasamahan sa ahensiyang paniktik ng AFP at ngayon ay naging isang lantad na taksil, abala sa mga pakanang kontrarebolusyonaryo, kampanyang anti-komunismo, at sa paninira sa pambansa-demokratikong rebolusyon at programa.

5.) Ang diumanong mga verdaderos ay isang bungkos lamang ng mga patakbuhing manipulador. Ang lider ng pangkat na ito ng mga mangangatay ng katotohanan ay matagal nang nangangarap na kontrolin ang NDF, itransporma ito sa isang 'sentrong pederatibo' na may kapangyarihang ipataw ang kanyang kagustuhan labag sa kasarinlan at pagkukusa ng mga alyadong organisasyon sa loob ng NDF, at gamitin ang NDF sa paglansag sa Partido at sa pamumuno ng Partido sa pambansa-demokratikong rebolusyon.

Noong 1990, minaniobra niya ang pagluto sa kongreso ng NDF at tinangkang idaos iyon nang lingid sa kaalaman ng sentral na pamunuan ng Partido, kasabwat ang dating pinuno ng Komisyon sa Nagkakaisang Prente ng Partido. Kaya ang diumanong kongreso ay idinaos nang walang karampatang partisipasyon ng Partido.

Ang mga manipulador ay naghahangad na bitagin ang Partido at buong pambansa-demokratikong kilusan sa isang anti-Partidong *fait accompli*. Subalit hindi tinanggap ng Partido ang ipinapataw na pakana ng mga manipulador bagkus iginiit ng Partido ang kanyang mga karapatan bilang kaalyadong organisasyon sa NDF, muling nililinaw nito ang wastong konsepto at mga tuntunin ng NDF tungkol sa mga kinakailangang pagbabago sa burador na programa at konstitusyon ng NDF.

Palibhasa'y matagal nang mga nakahiwalay sa mga gawain sa NDF at Partido, and iilang elementong ito ay walang kamalay-malay na ang muling paglilinaw at pagkakaisa ng Partido at mga alyadong organisasyon tungkol sa wastong konsepto ng NDF ay umabot na sa mataas na antas. Mayroon nang mahigpit na pagkakaisa ng mga alyadong organisasyon sa NDF tungkol sa sumusunod na mga susing usapin:

a.) Pagtataguyod sa linya ng dalawang yugtong rebolusyon at pamumuno ng uring manggagawa sa loob ng nagkakaisang prente;

b.) Pagtatayo ng NDF sa batayang konsultatibo, kumperensyal, at konsenswal para matiyak ang kasarinlan at pagkukusa ng lahat ng alyadong organisasyon;

k.) Pagbibigay ng diin sa pagpapalakas ng mga alyadong organisasyon sa halip na pagpapalobo sa burukrasya ng NDF; at,

d.) Paghahangad at pagpapaunlad ng makatotohanan at kapaki-pakinabang na mga relasyong bilateral at multilateral sa iba pang mga progresibo at posetibong pwersa.

Ang mga bagong burador ng programa at konstitusyon ng NDF ay naisulat na at tinatalakay na sa hanay ng mga alyadong organisasyong bilang paghahanda sa isang pambansang kumperensyang nakatakdang idaos sa madaling panahon. Determinado tayong itayo ang NDF sa mga nabanggit na konsepto at sa pagtatakwil sa mga pag-iisip at konseptong populista, Gorbachovista, at mga katulad nito sa mga saligang dokumento ng NDF.

6.) Ang diumanong verdaderos ay isang bungkos ng mga munting burukrata na nagpalusot sa NDF ng konsepto ng mga namumunong konsehong binubuo ng mga indibidwal na upisyal sa halip na mga kinatawan ng mga magkakaalyadong organisasyon at ng konsepto ng mga indibidwal na nagtatamasa ng mga karapatang kapantay ng karapatan ng mga buo-buong organisasyon sa loob ng NDF.

Hindi alam ng mga taksil na ito na ang mga alyadong organisasyon sa NDF ay mayroon nang konsensus na ibalik ang dati nitong katangian bilang isang organisasyong nagkakaisang prente ng mga rebolusyonaryong organisasyon na nakikitungo sa isa't isa sa batayang konsenswal, kumperensyal, at konsultatibo. Ang mga indibidwal na kasapi ay tinatanggap lamang ayon sa mga malinaw na nakatakda at eksepsyunal na mga kaso.

Ang mga taksil na ito na walang kinakatawang anumang organisasyon sa loob ng NDF ay wala sa pusisyong humingi ng mga indibidwal na pribelehiyo para sa kanilang sarili sa loob ng NDF. Wala sila sa katayuan para humingi ng pusisyon para sa kanilang sarili sa anumang organo ng Partido.

7.) Ang diumanong mga verdaderos ay mga kontrarebolusyonaryong kumikilos bilang mga 'psywar assets' ng rehimeng US-Ramos. Nagtatangka silang magpasiklab ng isteryang anti-Partido sa hibang na paghahangad na lansagin ang pamumuno ng Partido sa mga rebolusyonaryong mga pwersa, lansagin ang NDF upang ipalit ang isang diumano'y 'New Left Formation' na nagtataguyod ng programa ng repormismo at parlamentarismong petiburgis kapalit ang pambansa-demokratikong programa at rebolusyon.

Ang mga taong ito ay nawalan na ng tiwala sa tagumpay ng rebolusyon at ang nangingibabaw na interes at pinagkakaabalahan nila ngayon ay ang pagnonormalisa sa buhay pampamilya at mga karera nila.

Ang Partido Komunista ng Pilipinas ang target ng kanilang pagkamuhi at kampanya ng paninira dahil ang Partido Komunista ng Pilipinas ang pinakamatatag at mapagpasyang pwersa sa loob ng NDF at buong lipunang Pilipino sa pagsusulong ng pambansa-demokratikong rebolusyon at programa.

Itinataguyod ng Partido Komunista ng Pilipinas ang linya ng pambansa-demokratikong rebolusyon sa ilalim ng proletaryong pamumuno at may sosyalistang perspektiba at ang linya ng matagalang digmang bayan laban sa dating linya ng insureksyunismong lunsod ng mga boleros at kasalukuyang linya nila ng kapitulasyonismo, repormismo, at parlamentarismo.

Gaano man katindi ang pag-atake ng mga reaksyunaryo at ang pang-iisnayp sa midya ng bagong pangkat ng mga dating komunistang naging mga antikomunista, repormista, at parlamentarista ay hindi magagawang mapatalikod ang Partido sa rebolusyonaryong landas.

## Clarifications on the Party's Stand on the Peace Talks, NDF, and the so-called 'Verdaderos'

*1.) The Central Committee of the Communist Party of the Philippines (CPP) expresses its utmost confidence in the NDF negotiating panel under the leadership of Luis Jalandoni. This panel is the only body that is recognized by the CPP to represent the NDF in the exploratory talks with the Government of the Republic of the Philippines.*

*2.) It is a grave breach of trust on the part of the Philippine government, represented by the National Unification Commission (NUC), to attempt to recognize the small group of anti-communist traitors as legitimate representatives of the NDF. The attempt to legitimize such negotiations only proves that the Ramos regime is interested only in furthering and taking advantage of the anti-communist campaign of the traitors and at the same time using the peace process as a tool to divide the revolutionary movement.*

*If the NUC and the Ramos regime refuse to stop their divisive tactics, the Central Committee of the CPP will resolve to immediately cease its participation to*

*the ongoing exploratory talks between the NDF and the Philippine government. The NUC and the Ramos regime will bear full responsibility for the failure of the peace negotiations.*

*3.) The Central Committee will never give in to the absurd resolution that the small group of anti-communist traitors, posing as 'verdaderos,' be given separate representation on the NDF panel.*

*These traitors will never be politically or organizationally acceptable to the Party as members of the NDF, much less as leaders or negotiators for the NDF. They are not politically acceptable because their primary goal is to spread hatred against the CPP and use the NDF to discredit the Party. They are counter-revolutionaries and anti-communists who aim to destroy the program and organization of the NDF and replace it with a so-called 'New Left Formation' that is legalist, reformist, and parliamentarist in nature.*

*They are not organizationally acceptable because they do not constitute any allied organization inside the NDF. In fact, many of them are no longer active in the NDF or in any allied organization.*

*4.) These so-called 'verdaderos' are liars and impostors. They are but a small group of individuals who have no meaningful support base inside the NDF. They do not embody any allied organization inside the NDF; they merely speak for themselves. They do not command the loyalty and trust of any allied organization.*

*The truth is that this presumptuous group is led by the same traitors responsible for the planning and implementation of the AHOS campaign in Mindanao from 1985-1986, who still refuse to admit complicity to their crime. These traitors are also the primary advocates of urban insurrectionism and the use of artificial means, such as bus-burning and bombing of non-military targets, to hasten the outburst of the insurrectionary situation. After the repeated failures of their putschist designs, they now gravitate toward the other extreme of surrender, parliamentarism, and anti-communism.*

*The principal leader of this group was once a high ranking official of the Party who has a confirmed history of betraying his comrades to the intelligence agency of the Armed Forces of the Philippines. He is now a full-pledged traitor busy with anti-revolutionary propaganda, the anti-communist campaign, and the task of destroying the national democratic program and revolution.*

*5. These 'verdaderos' are nothing but a band of cheap manipulators. The leader of this group of liars has longed to control the NDF and to transform it into one*

*'federative center' with powers to supplant the decisions and independence of the allied organizations, and to use the NDF against the Party and undermine its role in the National Democratic Revolution.*

*In 1990, he, along with the former leader of the United Front Commission of the Party, manipulated the congress of the NDF and attempted to hold the same without the knowledge of the central leadership of the Party. The said congress was, therefore, held without the rightful participation of the Party.*

*These manipulators want to trap the Party and the whole national democratic movement in one anti-Party fait accompli. The Party, however, did not accept the machinations presented by the mainpulators and instead reiterated her rights as an allied organization of the NDF. The Party is out to clarify the proper concept and objectives of the NDF about the needed changes in the draft program and constitution of the NDF.*

*Perhaps because they have long been isolated from NDF and Party work, these elements are naive that the clarification and unity of the Party and the other allied organizations about the proper concept of the NDF is now at a new height. There is a strong unity among the allied organizations of the NDF on the following key issues:*

*a.) adherence to the line of the two-stage revolution and the leadership of the working class inside the united front;*

*b.) the building of the consultative, conferential, and consensual ranks of the NDF to be sure of the voluntary nature of all the allied organizations;*

*c.) giving emphasis to the strengthening of the allied organizations instead of the bloating the NDF bureaucracy; and*

*d.) searching and fostering genuinely beneficial bilateral and multilateral relations with other progressive and positive forces.*

*The new drafts of the program and constitution of the NDF have already been written and are now being discussed within the ranks of the allied organizations in preparation for a nationwide conference in the near future. We are determined to build the NDF according to the aforementioned concepts and reject populist and Gorbachovist ideology in the main documents of the NDF.*

*6.) These so-called 'verdaderos' are a small group of bureaucrats who introduced the concept of decision-making congresses made up of individual officials instead of*

*representatives of the allied organizations. They are also the ones who introduced the concept of equal rights for individuals and whole organizations within the NDF.*

*What these traitors are not aware of is that the allied organizations of the NDF have reached a consensus to bring back the old form of the NDF: that of being an organization for a united front with members relating to each other on a consensual, conferential, and consultative basis. Individual members are accepted only in exceptional cases.*

*These traitors do not embody any organization within the NDF and are, therefore, not in any position to ask the NDF for individual priveleges. They are not in any position to seek any positions in any organ of the NDF.*

*7.) These so-called 'verdaderos' are counter-revolutionaries acting as 'psywar assets' for the US-Ramos regime. They have threatened to sow anti-Party hysteria in the vain effort to remove the CPP as the leader of the revolutionary forces, dissolve the NDF and the national democratic program and revolution, and replace it with a 'New Left Formation' advocating a program of reformism and petty bourgeois parliamentarism.*

*These traitors have lost confidence in the triumph of the revolution and have focused their attention on the normalization of their lives and families and the promotion of their careers.*

*The CPP has become the target of their spite and campaign of lies because it remains to be the most stable decision-making force within the NDF and the whole of Philippine society in advancing the national democratic revolution and program.*

*The CPP advocates the national democratic line of revolution under proletarian leadership coupled with a socialist perspective and the concept of protracted people's war. It is against the lines of urban insurrection, capitulation, reformism, and parliamentarism advocated by the traitors.*

*Nevertheless, however fierce the intensity of the reactionary attacks and media sniping by the group of former-communists-turned-traitors, the Party will never turn its back on the revolutionary path.*